# Balitang Manmin

BILANG 153 ABRIL 3, 2016


# Luwalhatiin ang Diyos sa Pananampalataya, Pag-asa, at Pag-ibig!

## Pagpapahalaga sa mga Tapat na Manggagawa para sa Taong 2015



Para sa taong 2015, mayroong 44 na miyembrong binigyan ng parangal dahil sa tapat at masayang paglilingkod nila sa Panginoon: 4 na lider ng distrito, 3 lider ng maliliit na distrito, 4 na lider ng cell sa mga parokya; 1 lider ng grupo at 4 na lider ng maliliit na grupo para sa mga nagmimisyon; 6 na miyembro ng komite; 4 na miyembro ng grupo ng mga nagboboluntaryo; 13 manggagawa, at 5 boluntaryong naglilingkod.

Noong Pebrero 21, 2016, pinarangalan ang mga manggagawa na naging tapat sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa lugar kung saan sila nakadestino noong nakaraang taon. Binigyan ng parangal ang pinakamahusay na lider ng distrito, lider ng sangay na distrito, mga lider ng cell, mga lider ng maliliit na grupo, mga lider ng grupo, mga miyembro ng iba't ibang komite, mga miyembro ng grupong boluntaryong naglilingkod, at mga tapat na manggagawa ng iglesya. Apatnapu't apat ang bilang ng mga pinarangalan.

Sampung taon na na boluntaryong nagsisilbi ng sopas para sa pananghalian ng mga miyembro ng iglesya tuwing Linggo si Diakono Euhwan Roh. Ayon sa kwento niya, "Hinimatay ako dahil sa 'stroke' bago ako nagsimulang dumalo sa iglesya. Dinala ako ng isa sa mga kaibigan ko sa iglesyang ito. Sa simula pa lang ng pagdalo ko, naitigil ko na agad ang paninigarilyo ko, naging malusog ulit ako. Lubos kong pinapasalamatan ang pagpapalang ito, kaya nagsimula akong magboluntaryong maglingkod sa kahit na anong paraan. Tuwing Linggo, gumigising ako ng ika-4:00 ng umaga, pupunta na agad ako sa iglesya para magluto ng sopas. Masayang-masaya ako kapag ginagawa ko ito. Binigyan ako ng Diyos ng magandang kalusugan at pagkakataon para makapag-ipon ng gantimpala sa langit at makapagpasaya ng mga miyembro."

Sinabi ni Diakonesa Junko Shijo, "Tumanggap ako ng maraming pagpapala sa pagsasalin ko ng mga libro ng punong pastor at ng mga papuring awitin ng Manmin, pero tumanggap rin ako ngayong araw na ito ng malaking gantimpalang ito. Lubos akong nagpapasalamat. Mas sisipagan ko pa ang paglilingkod na mayroong espirituwal na katapatan, para maligtas ang maraming kaluluwa sa Japan."

Nagtatrabaho siya dati bilang propesor sa departamento ng English Literature ng Shimane University, isang pambansang paaralan sa Matsue, Shimane Prefecture, Japan. Habang hinahanap ang salita ng buhay na makakapawi ng uhaw niya para sa mga espirituwal na bagay, nakita niya ang libro tungkol sa paggunita ng mga patotoo ni Dr. Lee na *Paglasap ng Buhay na Walang hanggang bago ang Kamatayan*. Tumanggap siya ng maraming pagpapala sa pagbabasa nito at sa pakikinig ng naka-record na mga sermon. At sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Lee, gumaling din ang rhinitis na bumagabag sa kanya sa loob ng 20 taon. Pagkatapos, naging manggagawa siya ng iglesya, may tungkulin siya sa paglalathala ng mga libro ng iglesya. Naglilingkod siya sa kaharian ng Diyos.

Mainit na tinatanggap ni Elder Choon Cho, isang aktor sa pelikula at kinatawan ng Korean Ministry of Justice Rehabilitation Protection Association, ang mga miyembro pagpasok nila sa pintuan ng iglesya tuwing Linggo, nagpapamigay din siya ng *Balitang Manmin* at meryenda sa mga tsuper ng taksi.

Sinabi ni Elder Cho, "Bago ako magrehistro sa Manmin, magulo ang buhay ko bilang Cristiano. Naaksidente ako, inoperahan ako sa loob ng sampung oras para maibalik sa normal ang mga buto sa leeg ko, nilagyan ito ng 12 turnilyo. Dahil dito, hindi ako makalingon sa kaliwa o sa kanan. Pero nang makilala ko ang punong pastor at tanggapin ang panalangin niya, bumaba sa akin ang apoy ng Banal na Espiritu, nawalang lahat ng pananakit ng katawan ko. Magmula noon, isinusulong ko na ang tunay na buhay Cristiano. Puno ako ng kagalakan sa pagiging ligtas at umaasa ako sa buhay na walang hanggan sa Langit. Pakiramdam ko bumata ako."

Bukod sa 44 na binigyan ng parangal, maraming miyembro ng Manmin ang binago ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Tapat silang naglilingkod sa kaharian ng Diyos, may pananampalataya, pag-asa, at pagpapasalamat sa krus ng ating Panginoon at sa pag-ibig ng Diyos na Manlilikha.

# Ika-24 na Seremonya ng Pagtatapos ng Alliance Holiness Theological Seminary Ika-9 na Seremonya ng Pagtatapos ng Manmin International Seminary



Noong Pebrero 18, 2016, sa ganap na ika-11:00 ng umaga, idinaos ang dalawang masasayang okasyon – ang Ika-24 Seremonya ng Pagtatapos ng Alliance Holiness Theological Seminary at ang Ika-9 Seremonya ng Pagtatapos ng Manmin International Seminary sa pinakamalaking santuwaryo ng Manmin. Inihatid ng Presidente ng MIS, at dating presidente ng Seoul Women's University na si Dr. Esther Chung ang mensaheng "Glory" (Kaluwalhatian) base sa Habakkuk 2:14. Hinikayat niya ang mga nagtapos na magkaroon ng perpektong pagtitiwala sa Diyos, at hubugin ang kakayahan ng espiritu at katawan, para maipakita ang dalisay na kagandahang-loob, karunungan at kabutihan saan man sila pumunta." Ang parangal bilang Tagapangulo ng Lupon ay ibinigay kay Pastor Changmin Kim at ang parangal bilang Dekano ay iginawad kay Pastor Jina Kim.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu (9)

# Pagpipigil sa Sarili

Sa mundong ito, makikita natin na pinapahirap at ginugulo ng mga taong hindi marunong magpigil sa sarili ang buhay nila. At kahit alam nilang dapat nilang pamahalaan at alagaan ang pamilya nila, sinisira ng mga sugapa sa sugal at iba pang aliwan ang pamilya nila dahil hindi sila makapagpigil sa sarili.

Ang bunga ng Banal na Espiritu na pagpipigil sa sarili ay isa sa mga bungang dapat magkaroon ang mga anak ng Diyos. Mahalaga ito sa kahit sinong tao para makamit ang matagumpay na buhay.

## 1. Kahalagahan ng Pagpipigil sa Sarili

Ang pagpipigil sa sarili ay pagbabawal sa sariling kagustuhan, emosyon, o pagnanasa. Nangingibabaw ito sa lahat ng bagay, pinapatatag at pinapatibay ng pagpipigil sa sarili ang mga bagay na ito.

Ang isang taong may mahinang pagpipigil sa sarili ay hindi disiplinado. Nahihirapang magsulong ng buhay bilang mananampalataya ang isang taong tulad nito. Kapag napakinggan natin ang Salita ng Diyos at tanggapin ang pagpapala Niya, magdedesisyon tayong huwag nang tanggapin ang laman. Pero maaari pa rin tayong tuksuhing muli ng mundo.

Makikita natin ito sa mga salitang lumalabas sa ating bibig. Maraming tao ang nananalangin na maging banal at perpekto ang mga sasabihin nila. Pero, hindi ito nakikita sa buhay nila. Sinasabi nila kung anong gusto nilang sabihin, hindi sila nagbabago.

May mga taong magrereklamo o magagalit kapag nahirapan o may nakitang isang bagay na mahirap intindihin. May mga tao ding sobrang daldal, hindi sila makapagpigil sa kakukwento. Hindi nila pinipili ang mga bagay na pwedeng sabihin at kung anong mga bagay ang hindi pwedeng sabihin, kaya marami silang pagkakamali.

Hindi lang pagpipigil sa paggawa ng kasalanan ang itinutukoy sa pagpipigil sa sarili bilang isa sa mga bunga ng Banal na Espiritu. Ang pagpipigil sa sariling binabanggit dito ay nangingibabaw sa iba pang bunga ng Banal na Espiritu para maging perpekto ang mga ito.

Kapag naipakita ang mga bunga ng Espiritu na nasa puso, pumapagitna ang pagpipigil sa sarili para manatiling magkakasundo at maayos ang mga bungang ito. Hindi nadadaan sa paramihan ang mabubuting gawa natin para sa Panginoon. Pwedeng sabihing ang isang bagay na sobra ay mas malala pa kaysa sa isang bagay na kulang. Ganito rin sa diwang espirituwal, dapat tayong magdahan-dahan, sundin natin ang nais ng Banal na Espiritu.

Halimbawa, kahit may bunga tayong kagalakan, hindi natin basta maipapakita na nagagalak tayo kahit saan at kahit kailan. Kahit napakalaking kagalakan para sa atin ang maligtas, dapat din nating tingnan ang situwasyon. Napakahalaga ding magpigil sa sarili kapag tapat tayo sa Diyos. Lalong-lalo na kung marami kayong tungkulin, isaayos ninyo ang oras ninyo para nasa tamang lugar sa tamang oras kayo.

Tulad din ito ng iba pang bunga ng Banal na Espiritu, kabilang na ang pag-ibig, kagandahang-loob, kabutihan, at iba pa. Kapag ipinapakita sa mga gawa ang mga bunga na nasa puso, dapat nating sundin ang gabay at tinig ng Banal na Espiritu para maging wasto ang mga ito. Tapusin natin ang mga gawaing dapat unahin, at pagkatapos, isunod ang iba. Mababatid natin kung susulong tayo o aatras. Malalaman natin ang mga bagay na ito kung may bunga tayong pagpipigil sa sarili.

## 2. Kung may bunga tayong pagpipigil sa sarili...

### Una, susundin natin ang hanay o sistema ng lahat ng bagay.

Nauunawaan natin ang posisyon natin sa hanay na ito. Nauunawaan natin kung kailan tayo kikilos at kung kailan hindi. Batid natin kung magsasalita tayo at kung anong dapat sabihin at kung kailan mananahimik. Sa paraang ito, maiiwasan natin ang pagtatalo at pagkakamali. Hindi tayo gagawa ng isang bagay na lampas sa limitasyon ng posisyon natin. Kung wala kayong pagpipigil sa sarili, baka lumampas kayo sa kapangyarihan ng posisyon ninyo, labagin ninyo ang kaayusan.

Halimbawa, hiniling ng presidente ng isang kumpanya ang punong tagapamahala na gumawa ng isang bagay. Maalab ang tagapamahalang ito, pakiramdam niya, may mas mabuti siyang ideya. Nagdesisyon siya na palitan o baguhin ang ibang bagay, at tinapos ang gawain. Kahit naging napakaalab niya sa tungkulin, hindi niya sinunod ang kaayusan dahil hindi niya napigilan ang sarili niya.

### Pangalawa, pwede nating pag-aralan ang nilalaman, ang tiyempo o pagsasaoras, at lugar.

Halimbawa, mabuti kung mananangis kayo sa panalangin, pero kung iiyak kayo kahit saang lugar na maisipan ninyo, baka magdala kayo ng kahihiyan sa Diyos. At kapag nangangaral kayo ng ebanghelyo o bumibisita sa mga miyembrong nangangailangan ng patnubay sa espirituwal na bagay, maging maingat kayo sa mga sasabihin ninyo. Kahit tumanggap kayo ng malaking pagpapala mula sa nilalaman ng espirituwal na mensahe, hindi ninyo dapat basta na lang ipamahagi ito sa lahat ng tao.

Kung maghahatid kayo ng isang bagay na hindi bagay sa sukat ng pananampalataya ng makikinig, baka matisod ang taong ito o manghusga at manghatol. Kung minsan, abala ang isang tao habang nagpapatotoo kayo. Kahit gusto niyang makinig sa inyo, maguguluhan siya dahil may iba siyang ginagawa at iniisip.

Kahit gaano pa kabuti ang ginagawa ninyo, mahirap antigin ang damdamin ng taong ito, kailangan natin ng tamang pagpipigil sa sarili sa situwasyong tulad nito.

### Pangatlo, harapin ang bawat situwasyon ng may tamang pagkaunawa, hindi padalusdalos kundi mahinahon.

Walang pasensya at konsiderasyon para sa iba ang mga taong hindi marunong magpigil sa sarili. Tuwing nagmamadali sila, nawawalan sila ng tamang pag-intindi, may mga nalilimutan silang mahahalagang bagay. Isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi tayo dapat magsalita kung may isang taong nagsasalita na. Makinig tayo hanggang matapos siya para hindi tayo padalusdalos sa pagpapasiya. Bukod dito, mas maiintindihan natin ang pakay ng taong iyon, makapagdedesisyon tayo ng tama.

Hindi madaling mapapaniwala ng mga salita ng ibang tao ang mga nagpipigil sa sarili. Mahinahon nilang pinapakinggan ang ibang tao, nababatid nila kung ano ang totoo ayon sa tulong ng Banal na Espiritu. Kung nabatid nila ang katotohanan at nagpigil sa sarili, maiiwasan ang pagbibigay nila ng maling sagot na resulta ng mga maling desisyon. Kung may awtoridad sila at mahalaga ang sinasabi nila, mas papakinggan sila ng ibang tao.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.


"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin




# Epektibong Paraan ng Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa mga Tao

Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay pagbabalita ng 'totoong daan ng katotohanan' sa mga tao. Para maibahagi ito sa kanila sa mabuting paraan, gamitin natin ang librong "Ang Mensahe ng Krus" na nagpapaliwanag ng daan patungo sa kaligtasan.
Una sa lahat, sabihin natin sa kanila na ang Diyos ang nag-iisang tunay na Diyos. Nilikha Niya ang langit, lupa, at lahat ng bagay na narito, at may kapangyarihan Siya sa lahat ng bagay. Ituro natin sa kanila na mayroong Langit at Impiyerno, at dahil nagkasala ang lahat ng tao, sa Impiyerno sila patungo.
Pangalawa, sabihin natin sa kanila na si Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas, Siya lang ang makakalutas ng mga problema natin sa kasalanan. Ipaliwanag natin kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas ng tao at ang kalooban ng Diyos tungkol sa ating kaligtasan. Bukod dito, ibalita natin ang muling pagkabuhay ng Panginoon, ang pag-akyat Niya sa Langit, ang muling pagbabalik Niya, at ang paghuhukom.
Pag-aralan nating mabuti ang epektibong paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga tao.

### ◆ Una, tanggapin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu

Kung gusto ninyong magbahagi ng ebanghelyo sa ibang tao, manalangin muna kayo ng taimtim para mapuspos kayo ng Banal na Espiritu. Kikilos ang Banal na Espiritu kung hihilingin ninyo ang tulong Niya sa pagbabahagi ng ebanghelyo, hahaplusin at bubuksan Niya ang mga puso ng tao. Idalangin muna natin ang mga kaluluwa nila, magmadali tayo sa pagdadala at pagrerehistro sa kanila sa iglesya para hindi makapanggulo si Satanas.

### ◆ Pangalawa, tulungan ninyo silang maintindihan ang kahalagahan ng ebanghelyo

Hindi batid ng ibang tao ang kahalagahan ng ebanghelyo, tinatanggihan nila ito kahit nagsisikap ang mga Cristiano na maibahagi ito sa kanila. Huwag ninyo silang piliting pumunta sa iglesya o magpakaalipin sa kanila. Maghintay kayo ng mabuting pagkakataon para tulungan silang makaunawa.

Huwag ninyong basta na lang sabihing, "Maniwala kayo kay Jesus!" nang hindi man lang nagpapaliwanag. Sa halip, mas mabuting tanungin sila, "Alam ba ninyo kung bakit sinasabi ng mga Cristiano na si Jesus ang Tanging Tagapagligtas?" Mapapaisip sila kung bakit, uusisain nila ang tamang kasagutan sa itinanong.

Pwedeng anyayahan ninyo sila sa isang espesyal na okasyon ng iglesya o kaya bigyan sila ng naka-record na kopya ng sermon, CD, o mga libro na makakatulong magtanim ng pananampalataya sa puso nila. Bigyan ninyo sila ng bawat kopya ng diyaryo ng iglesya. Sa pamamagitan nito, matutulungan ninyo silang maintindihan ang kahalagahan ng ebanghelyo. Pwede na ninyo silang imbitahang dumalo sa iglesya kapag maaliwalas ang pakiramdam nila, tatanggapin nila ang ebanghelyo ng maluwag sa kalooban.

### ◆ Pangatlo, ipadama ninyo sa kanila ang mabangong samyo ni Cristo ng may pagmamahal at pagmamalasakit

Kung wala kayong pagmamahal o ayaw ninyong magsakripisyo para sa mga taong gusto ninyong bahagian ng ebanghelyo, hindi ninyo sila madadala sa kaligtasan at buhay na walang hanggan. Kahit sarado na ang puso nila sa pananampalataya sa Diyos, kung ipagpapatuloy ninyo ang pagpapakita ng tunay na pagmamahal at pagmamalasakit, at magiging tapat kayo sa pagsasakripisyo, bubuksan nila ang puso nila, tatanggapin nila ang ebanghelyo (Santiago 2:15-16).

### ◆ Pang-apat, gamitin ninyo ang patotoo ninyo at ng ibang miyembro ng iglesya

Maraming tao ang nag-aalala at nababahala, kaya kung babanggitin ninyo sa kanila ang patotoo ng mga taong nalutas ang problema sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos, magiging interesado sila, makikinig sila sa inyo. Gamitin ninyo ang mga libro o mga litrato tungkol sa mga tanda, himala, hindi pangkaraniwang pagkilos, at kamangha-manghang mga bagay para maibahagi ang ebanghelyo sa mga taong nagdurusa sa mga karamdaman. Higit sa lahat, ang pinakaepektibong kwento ay ang personal na patotoo ninyo dahil mapapatunayan ninyo ito.

### ◆ Pang-lima, ibahagi ang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng dako

Maramiraming tao ang dumalo sa iglesya pagkatapos makatanggap ng *Balitang Manmin* sa daan o sa bahay nila, o nakabasa sila ng mga libro ni Dr. Lee. Dahil maraming masigasig sa pangangaral ng ebanghelyo, namunga ito sa tamang panahon.

May isang bagay na magkakapareho ang mga miyembrong nakapagbahagi ng ebanghelyo sa maraming tao at nakapagdala sa kanila sa iglesya: ipinagmamalaki nila ang iglesya at ang pastor nila. Kahit hindi pa kilala ng mga tao ang Diyos at si Jesu-Cristo, maraming dumadalo sa isang iglesya kapag nabalitaan nila na mabuti ang iglesyang ito at ang nagpapastor dito. Kaya, ang pagkukwento tungkol sa kapangyarihan ng Diyos at ng Banal na Espiritu na ipinapakita sa iglesya at mga sermon na inihahatid ay mabuting paraan para maakit at maging interesado ang mga tao, mababahagian ninyo sila ng ebanghelyo.

### ◆ Pang-anim, lutasin ninyo ang problema ng mga tao sa espirituwal na paraan

Isa sa epektibong paraan ay pagtulong sa kanila. Alamin ninyo ang mga bagay na pinakamahalaga at pinakanangangailangan ng solusyon. Ipaalam ninyo sa kanila na may sagot sa mga problema nila, tulungan ninyo silang humiling ng tulong mula sa Panginoon. Halimbawa, kung gusto ninyong makarinig ng ebanghelyo ang isang taong may karamdaman, ipakita ninyo sa kanila kung paano makakalaya sa karamdaman, ipakilala ninyo sa kanila ang Diyos na Nagpapagaling. Kapag may isang taong may problema sa negosyo, payuhan ninyo sila na sundin ang Salita ng Diyos para tumanggap sila ng mga biyaya mula sa Diyos. Huwag nilang lutasin ang problema ayon sa paraan at talino ng tao. Ibahagi ninyo sa kanila ang tungkol sa buhay na Diyos na lumulutas ng mga problema at nagpapasagana ng lahat ng bagay. Ipakita ninyo ang mga paraan ng paglutas ng mga problema.

Mga Karagdagang Tulong

## Bagong mananampalataya ka ba?



Bakit hindi ka magsaulo ng isang talata mula sa Biblia na nakasulat sa pahayagan ng iglesya, at magbasa ng isang kabanata mula sa Biblia bawat araw?

Matututuhan mo ang mahahalagang kaalaman tungkol sa pananampalatayang Cristiano sa lingguhang klase para sa mga baguhan.

Mapupuspos ka Banal na Espiritu sa buwanang pulong-panalangin na may temang Puspos ng Banal na Espiritu.

Gawin mong pagkain ng kaluluwa mo ang Salita ng Buhay, basahin mo ang mga librong Ang Mensahe ng Krus, *Ang Sukat ng Pananampalataya, Langit I at II*, at *Impierno,* bisitahin mo ang website ng iglesya www.manmin.org.

Mas marami kang malalaman tungkol sa pag-ibig at kalooban ng Diyos kung dadalo ka sa Pagsamba tuwing Miyerkules, Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes, at Papuri at Pagsamba tuwing Martes (para sa mga kabataan).

# "Gumaling ang Tumor Ko sa Utak, Nakarinig ng Ebanghelyo ang Pamilya Ko"



Kapatid na Marcella Granada (pangalawa mula sa kanan), 29 taong gulang, kasama ang pamilya niya, Colombia Manmin Church

Noong Pebrero 2013, sumakit ng matindi ang ulo ko. Hindi ko na makilala ang mga miyembro ng pamilya ko, nagpakita ako ng mga sintomas ng depresyon. Nanigas ang buong katawan ko, ni hindi ako makapaglakad o makakain. Nabigla ang asawa ko at ang ibang miyembro ng pamilya ko, dinala nila ako sa ospital. Nakita sa pagsusuri (MRI screening) na may tumor sa kaliwang bahagi ng utak ko, malaki ang epekto nito sa alaala at paggalaw ng katawan ko.

Noong panahong iyon, tumatanggap ng malaking pagpapala ang nanay ko mula sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee sa Enlace TV, dumadalo din siya sa Colombia Manmin Church. Nagkaroon siya ng pananampalataya dahil narinig niya ang tungkol sa mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Dahil dito, hindi siya nag-alala tungkol sa kalagayan ko. Kinausap niya ang ibang miyembro ng pamilya namin, hindi kami nagpagamot sa ospital, gusto naming tumanggap ng pagpapagaling mula sa Diyos. Sinabi niya na nanalangin sila sa Diyos ng maalab.

Pagkaraan ng isang linggo, nahabag ang Diyos sa akin, nakilala ko na ang mga magulang ko. Dumalo kaming dalawa ng nanay ko sa iglesya, nakilala namin si Pastor David Jang doon. Pinayuhan ako ni Pastor Jang na pagsisihan ang naging buhay ko noon na hindi tama sa paningin ng Diyos. Para gumaling, dapat kong isabuhay ang Salita ng Diyos. Kaya pinagsisihan ko pati ang mga kaliit-liitang mga bagay, sinunod ko ang araw ng Sabbath kahit dalawang oras ang biyahe papunta sa iglesya. Sinikap kong mabuhay ayon sa Salita ng Diyos.

Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Lee para sa mga maysakit at ang panalangin ni Pastor Jang na may panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), sa mga pagsamba. Dahil dito, naibalik ang alaala ko hindi na rin paralisado ang katawan ko.


Dahan-dahan ang paggaling ko, habang nagsusulong ako ng masigasig na buhay bilang isang Cristiano. Noong Pebrero 14, 2014, tinanggap ko ulit ang panalanging may panyo. Noong sandaling iyon, nag-init ang buong katawan ko, nagpawis ako. Naging magaan ang pakiramdam ng katawan at puso ko. Natanto ko na lubos na ang paggaling ko. Nagpunta ako sa ospital para magpasuri. Nakakamangha, wala na ang tumor! Hallelujah!

Ikinagulat din ito ng doktor, tinanong niya ako kung ano ang ginawa ko para gumaling. Sumagot ako, "Wala akong ginawa, umasa lang ako sa Diyos." Nalugod ang asawa, anak kong babae, at lahat ng miyembro ng pamilya ko, nagpasalamat silang lahat sa Diyos. Nang sumunod na buwan, nagsimula na rin silang dumalo sa iglesya.

Lumipat kami sa isang bahay na malapit sa iglesya. Dumadalo kami sa pulong-panalanging Daniel gabi-gabi. Salat kami sa pera noon kaya hindi kami pwedeng manirahan ng magkakasama pero biniyayaan kami ng Diyos, sama-sama na kami ngayon. Natigil ang pag-aaral ko sa kolehiyo dahil sa karamdaman ko, nakabalik na ako ngayon, masigasig sa pag-aaral. Lider na ako ngayon ng isang maliit na grupo at naglilingkod bilang 'usher' sa mga pagsamba. Masaya ang buhay ko bilang Cristiano.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagligtas sa akin mula sa tumor sa utak. Napakadilim ng buhay ko noon pero binigyan Niya ako ng bagong buhay.

MRI



◂ Bago ipanalangin May tumor sa utak

◂ Pagkatapos ipanalangin Wala na ang tumor sa utak

# "Ibinahagi Ko ang Ebanghelyo ng Kabanalan ng may Pagtitiwala, 17 Tao ang Sumampalataya"

Diakonesa Soonhee Kwon, 56 taong gulang, Parokya 23, South Korea



Isang taon at apat na buwan na ang nakaraan magmula noong magrehistro ako sa Manmin Central Church. Punong-puno ng himala ang buhay ko mula noon. Bago ako dumalo sa Manmin, 20 taon akong walang nalalaman tungkol sa mundong espirituwal kahit Cristiano na ako. Ang palaging tanong sa isipan kong, "Bakit ako ipinanganak?" ay malinaw na nasagot ng mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Ipinanganak tayo dito sa mundo para sumailalim sa pangangalaga ng Diyos, at para manirahan sa Langit magpakailanman kasama ng Diyos Ama habang nakikibahagi sa pagmamahal Niya. Nagpapasalamat ako!

Parang tungkulin lang sa akin ang pagiging mananampalataya ko, hindi ko nadarama ang pag-ibig ng Diyos sa puso ko. Pero ngayon, bawat araw kong nadarama na ang Diyos ay aking Ama, napapaluha ako. Maliwanag na itinuro sa akin ang batas kung paano tatanggapin ang mga kasagutan, kaya hindi ako nagaalala kapag nagkakasakit ako. Nang mapaso ang bukung-bukong ko, winisikan ko ito ng Muan Sweet Water (Exodo 15:25). Hindi ito sumakit, gumaling ito agad. Hindi ko rin napansin kung kailan nawala ang bukol sa may pulso ko.

Bukod dito, nang ibahagi ko ang ebanghelyo ng kabanalan ng may pagtitiwala, 17 tao mula sa pitong pamilya ang naging miyembro ng Manmin.

Hindi ako mahusay magbahagi ng ebanghelyo, pero humiling ako ng karunungan mula sa Banal na Espiritu, idinalangin ko ang mga taong nakaka-usap ko. Kumilos ang Diyos! Binanggit ko sa kanila ang tungkol sa Diyos, sa iglesya ko, mga sermon, mga libro ni Dr. Lee, ang lingguhang pahayagan ng iglesya, at *Balitang Manmin*, naantig ang mga puso nila.

✦✦✦

Sinabi ng isang babae na sa wakas ay nalaman din niya ang tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan, buong buhay na niyang hinahanap ito, at nakilala na din niya ang tunay na pastol. Isinusulong na niya ngayon ang buhay niya bilang Cristiano na damang-dama ang Langit. May isa pang babaing nagsabi na masigasig ang buhay niya bilang mananampalataya pero nababagabag siya kung minsan. Pero pagkatapos niyang basahin ang mga libro at sermon ni Dr. Lee sa website ng iglesya www.manmin.org, nadama niya na inihatid ang mga mensaheng ito ng may gabay ng Banal na Espiritu. Masaya na ang buhay niya ngayon bilang Cristiano sa Busan Manmin Church.

Napawi ang uhaw tungkol sa mga espirituwal na bagay ng mga taong naghahangad ng salita ng buhay. Dumadalo sila sa iglesya, nagsusulong ng buhay bilang mga Cristianong puspos ng Espiritu. Habang natatanto ko ang pag-ibig ng Diyos, nagkakaroon ng malaking habag ang puso ko kapag iniisip ko ang mga makasalanan na papunta sa Impiyerno, hindi man lang nalaman ang tungkol sa pag-ibig sa kanila ng Diyos. Ibabahagi ko ng mas masigasig ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos at idadalangin ko na mas maraming kaluluwa pa ang maligtas. Hallelujah!


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714